


# Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 49  
Karahasan sa Paaralan



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikaapat na Markahan – Modyul 49: Karahasan sa Paaralan  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

PangalawangKalihim: Diosdado M. San Antonio

**BumuosaPagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Mark Lorenz C. Luib
<b>Editor:</b>	Emelinda L. Raza Ph.D., Michael C. Paso
<b>Tagasuri:</b>	Elizabeth M. Ysulan, Julius P. Tesiorna, Alejandro M. Saclolo, Jr., Judith E. Ecoben, Jezzine F. Salar, Megie M. Lillo, Rashiel Joy F. Lepaopao, John Rey C. Clarion
<b>Tagaguhit:</b>	Mark Lorenz C. Luib, Alim V. Eviota, Merlinda Malimit
<b>Tagalapat:</b>	Mark Lorenz C. Luib, Reggy C. Asupre
<b>Tagapamahala:</b>	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

**Inilimbagsa:**

**Department of Education – Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center  
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600

Telefax No.: (085) 342-5969

email address: caraga@deped.gov.ph

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 49  
Karahasan sa Paaralan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Ang karahasan ay hindi nasosolusyonan ng isa pang karahasan. Ang karahasan ay isa sa mga pangyayaring nararanasan ng isang tao na sumusubok sa katatagan nito.

“Ang karahasan ay hindi narapat suklian ng sariling karahasan”, isang tanyag na kasabihan mula sa manunulat na si Dr. Jose Rizal na nagpaliliwanag na walang magandang maidudulot ang karahasan. Naranasan mo na bang maging biktima ng karahasan? Isa ka ba sa gumamit ng dahas? May mga pangyayari ka bang nasaksihan na nagpapakita ng karahasan?

Maraming pangyayari ang nagiging epekto ng karahasan, kaya dapat mong makikila ang mga uri nito at kung anu-ano ang mga naging sanhi nito at kung bakit maraming karahasan ang umiiral sa paaralan.

Sa modyul na ito ay malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

- a. Nakikilalaang mga uri, sanhi at epekto ng mga umiiral na karahasan sa paaralan. EsP8IPIVc-14.1



## **Subukin**

### Maraming Pagpipilian

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Matalino sa klase si Juan ngunit nasisiyahan siyang saktan ang aspetong pandamdamin at pangpisikal ng kanyang mga kaklase. Anong uri ng umiiral na karahasan sa paaralan ang ginagawa ni Juan?
  - A. gang
  - B. pagnanakaw
  - C. pambubulas o bullying
  - D. sexual harassment o panliligalig sa sekswal
2. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng uri ng pambubulas sa paaralan?
  - A. Lumiban sa klase
  - B. Nangopya sa kaklase
  - C. nambubugbog ng kaklase
  - D. nakipagkwentuhan sa klase
3. Ano ang pangunahing dahilan ng mga mag-aaral na sumasali sa *fraternity* at *gang*?
  - A. Ayaw na mag-aral
  - B. Gusto lang sumali
  - C. Naiingit sa mga kaklaseng kasali
  - D. Kulang sa atensyon ng magulang
4. Anong uri ng karahasan ang pang-aapi o panlalait ng kapwa mag-aaral?
  - A. Paglahok sa fraternity
  - B. pagpapabaya
  - C. pambubugbog
  - D. pambubulas
5. Nakatagpo ng bagong kakilala si Joan sa social media. Madalas niya itong kakwentuhan sa gabi. Isang gabi, pinilit siya nitong magpadala ng mga malalasang larawan. Anong uri ng karahasan ang naranasan ni Joan?
  - A. gang
  - B. pagnanakaw
  - C. pambubulas
  - D. sexual harassment o panliligalig sa sekswal

6. Anong uri ng pambubulas ang may layuning sirain ang mabuting pangalan at ang pakikipag-ugnayan sa ibang tao?
  - A. Sosyal na pambubulas
  - B. Pisikal na pambubulas
  - C. Pasalitang pambubulas
  - D. tahimik at pisikal na pambubulas
  
7. Anong uri ng karahasan ang may kaugnayan sa pananakit ng kapwa kabataan sa loob ng paaralan?
  - A. Paglahok sa fraternity
  - B. Pisikal na pambubulas
  - C. pambubulas o bullying
  - D. pasalitang pambubulas
  
8. Anong sitwasyon ang nagpapakita ng pambubulas sa paaralan?
  - A. Masakit ang ngipin ni Alyn kaya umuwi siya ng bahay na umiiyak.
  - B. Ipinahayag ni Richard ang kanyang tunay na nararamdaman kay Cha.
  - C. Nagpalakpakan ang buong klase pagkatapos nitong maglahad ng kanyang sagot.
  - D. Naglalako ng daing si Mary sa kanilang lugar kapag walang pasok, kaya lagi siyang tinutukso ng kanyang mga kaklase na amoy daing ito.
  
9. Ang kakulangan ng atensiyon ng magulang at walang maayos na pagdidisiplina sa anak ay nagiging sanhi ng mababang marka at karahasan sa paaralan. Alin sa sumusunod ang sanhi na nagdudulot ng karahasan sa paaralan?
  - A. fraternity
  - B. marahas na medya
  - C. dysfunctional home o hindi maayos na tahanan
  - D. seksuwal na oryentasyon ng tao
  
10. Tuluyan ng huminto sa pag-aaral si Juana dahil sa hindi na niya makayanan ang ginawang pambubulas ng kanyang kaklase. Matinding takot at pagkabalisa ang nararamdaman niya tuwing sumasagi sa kanyang isipan ang nangyari. Ano ang naging epekto ng naranasang karahasan ni Juana?
  - A. depresyon
  - B. pag-aaway
  - C. school dropout
  - D. stress
  
11. Araw-araw ay parating nag-aaway ang mga magulang ni CJ. Mapapansin na bumababa ang marka nito sa klase na naging dahilan ng kanyang paghinto sa pag-aaral. Ano ang sanhi ng pagbaba ng marka at paghinto nito sa pag-aaral?
  - A. fraternity
  - B. marahas na medya
  - C. dysfunctional home o hindi maayos na tahanan
  - D. seksuwal na oryentasyon ng tao

12. Alin sa sumusunod ang naglalayong mahubog ang kalakasan ng pag-iisip ng isang mag-aaral at magkaroon ng mataas na moral ang pagkatao.
- A. lipunan
  - B. bokasyon
  - C. guro lamang
  - D. misyon at bisyon ng edukasyon
13. Bakit ang mga kabataan ay sumasali sa fraternity o gang?
- A. makakopya at makakuha ng malaking marka sa pasulit
  - B. may kasamasa pagtambay upang makamit ang ninanasa
  - C. mapabuti ang pag-aaral at mayroong gumabay sa pag-aaral
  - D. sumikat o maging kilala, magkaroon ng bagong kaibigan at kakampi
14. Ano ang itinuturing na pangalawang tahanan ng bawat mag-aaral?
- A. paaralan
  - B. simbahan
  - C. tahanan ng kaibigan
  - D. tahanan ng kapit-bahay
15. Napadaan si Eliza sa tindahan ni Aling Martina upang bumili ng pagkain nang titigan at sinisipulan siya ng mga kalalaking nakatambay roon. Anong uri ng karahasan ang ipinakita sa sitwasyon?
- A. pambubulas
  - B. marahas na media
  - C. sexual harassment o panliligalig sa sekswal
  - D. pagsali sa fraternity o gang



## Aralin

# 1

## Karahasan sa Paaralan

*“Ang naghahasik ng sa kaniyang sariling laman ay sa laman mag-aani ng kasiraan; datapuwat’t ang naghahasik ng sa Espiritu ay sa Espiritu mag-aani ng buhay na walang hanggan.”*

-Galacia 6:8



### Balikan

Natutunan mo sa nakaraang aralin kung paano isagawa ang tamang kilos tungo sa paghahanda sasusunod na yugto ng buhay bilang pagdadalaga at pagbibinata sa pagtupad ng kanya-kanyang bokasyon sa pagmamahal. Ngayon, nawa’y magustuhan mo ang mga inihandang gawain para saiyo. Ngayon pa lang binabati na kita nang buong lugod. Batid kong magtatagumpay ka kaibigan, kaya mo ito!

#### Gawain 1: Buo-Salita!

Panuto: Ibigay ang kahulugan sa sumusunod na pahayag. Punan ang kahon ng iyong sagot. Pagkatapos ay gamitin ito sa pagbuo ng isang makabuluhang pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Tumutukoy sa pansamantalang damdamin na walang tiyak na pananagutan.

P		P		Y	L		V	
---	--	---	--	---	---	--	---	--

---

---

2. Ito ay pagkakakilanlan ng kasarian ng isang tao mula sa kanyang kapanganakan.

S		K	S			A		I		A	D
---	--	---	---	--	--	---	--	---	--	---	---

---

---

3. Tumutukoy sa pagkakilanlan ng isang tao ayon sa kanyang kagustuhan.

K		S		R				N
---	--	---	--	---	--	--	--	---

---

---

4. Isang malakas na pagpapalabas o pagpapakita ng isang bagay na nagmula sa isip at puso ng isang nagdadalaga o nagbibinata.

E			S	Y		
---	--	--	---	---	--	--

---

---

5. Ang pagtanggap at pagbibigay ng iyong buong puso at oras na walang hinihintay nakapalit.

P		G	M		M			A	L
---	--	---	---	--	---	--	--	---	---

---

---



**Mga Tala para saGuro**


Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa **Balikan** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



## **Tuklasin**

### **Gawain 2: Talon-Konsepto!**

Panuto: Tumalon sa mga salitang nakalutang sa ilog upang makabuo ng konsepto ng umiiral na karahasan sa paaralan. May naghihintay na gantimpala sa kabilang dako. Pagnilayan ang mga sumusunod na gabay na tanong.



*Pinagmulan: Orihinal na iginuhit ni Mr. Mark Lorenz C. Luib, myembro ng mga tagaguhit*

Gabay na mga tanong:

1. Naitawid mo ba ang iyong sarili sa kabilang dako?

---

---

---

2. Kung Oo ang sagot mo sa unang tanong, anu-ano ang mga salitang iyong naapakan? Sa tingin mo ba ay makatutulong ang napiling salita sa pagbuo ng konsepto ng umiiral na karahasan sa paaralan?

---

---

---



## **Suriin**

Ang paaralan ay tinuturing na pangalawang tahanan ng bawat mag-aaral. Dito nalilinig ang mga angkop na kakayahan at pagpapahalaga bilang tao. Tinuturo dito na maging mabait, magalang at mabuti sa kapwa. Ngunit bakit may nangyayari pa ring karahasan?

Balikan natin ang gawain sa **Tuklasin**. Kung ating susuriin ang mga salitang nakalutang ay makikilala natin ang mga umiiral na uri ng karahasan sa paaralan na may kanya-kanyang sanhi at bunga sa pamamagitan ng nabuo mong konsepto. Sa susunod na mga talata ay ipakikilala ang mga uri, sanhi at bunga ng karahasan sa paaralan.

Ayon sa World Health Organization ang karahasan bilang "sinasadya na paggamit ng pisikal na puwersa o kapangyarihan, banta o aktwal, laban sa sarili, ibang tao, o laban sa isang grupo o komunidad, na kung saan ay nagreresulta o may mataas na posibilidad na magresulta sa pinsalang pisikal o sikolohikal, at maging kamatayan.

Babala: May mga salita tulad na depresyon, suicide, trauma na maaring magdulot sa iyo. Maaring sumangguni sa *Guidance Counselor* ng iyong paaralan kung ikaw ay makaramdam ng pagkabalisa dahil sa iyong nabasa.

## **Uri ng Karahasan sa Paaralan**

### **A. Pambubulas o Bullying**

Ang pambubulas ay isang pagtatangka na naglalayong saktan ang emosyonal at pisikal na aspeto ng tao. Madalas na pinapahiya at ginagawang katatawanan ang mga biktima ng ganitong karahasan. May mga pangunahing uri ang pambubulas na maituturing na kadalasang nararanasan sa paaralan.

## **Pasalitang Pambubulas**

Tumutukoy ito sa pangungutya gamit ang mga salitang hindi ka nais-nais at kahiya-hiyang pakinggan ng iba. Nasasaktan ang damdamin ng isang tao dahil sa talas at bigat na dala nito sa kanyang damdamin.

## **Sosyal o Relasyonal na Pambubulas**

Ito ay naglalayong sirain ang mabuting pangalan at ang pakikipag-ugnayan sa ibang mag-aaral. Maituturing ito na isa sa kadahilanan ng karahasan dahil sa maling impormasyon na naihatid.

## **Pisikal na Pambubulas**

Ito ay ang pisikal na pagmamaltrato o pagmamalupit sa isang mag-aaral o sinisira ang mga pag-aari nito.

## **B. Fraternity O Gang**

Ang fraternity ay isang samahan o kapatiran na binuo ng mga indibidwal na nagnanais na mapansin o maging bahagi sa iba. Ito ay nanggaling sa salitang Latin na *frater* na ang ibig sabihin ay *brotherhood* o kapatiran.

Ang gang ay grupo ng magkakaibigan na kadalasang nag-aangkin ng control sa isang teritoryo sa komunidad o maging sa paaralan. Kadalasan itong nasasangkot sa kaguluhan krimen at eskandalo. Kaya maging ang mga tao sa labas at loob ng paaralan ay may negatibong pananaw dito.

Bukambibig ng mga sumali rito ay proteksyon sa sarili, para sa kapatiran, para magkaroon ng bagong kaibigan, para sumikat o maging kilala, para magkaroon ng kakampi, para manlamang sa kapwa mag-aaral, ang pagnanais na mapabilang (belongingness) at makuha ang atensiyon ng mga magulang.

## **C. Sexual Harassment o panliligalig sa sekswal**

Ang ganitong karahasan ay ang pagpupumilit ng isang tao sa isang bagay na hindi gusto ng biktima. Ang mga sumusunod ay ilang lamang sa mga halimbawa ng sexual harassment:

- Panghihipo sa maselang bahagi ng katawan
- Pagtitig na may halong malisya
- pagtatanong kung ano ang kanyang sinusuot habang nasa ibang linya ng telepono
- pagsipol

## **D. Bandalismo (Vandalism)**

Ang bandalismo o *vandalism* ay ang krimen ng sinasadyang makapinsala sa pag-aari ng ibang tao tulad ng paninira o pagsusulat ng hindi kanais-nais sa mga mesa, upuan at pader sa istraktura ng pampublikong lugar.

## **E. Pagnanakaw**

Ang katapatan ang isa sa mga isinusulong sa paaralan upang malaman ng isang mag-aaral ang kahalagahan ng pagiging matapat sa sarili, kapwa at sa lipunan. Ngunit ang pagnanakaw ay isa sa mga suliranin na patuloy na nararanasan ng mga mag-aaral at guro sa paaralan. Marahil may pagnanakaw dahil sa mga salik ng buhay ng tao gaya ng kahirapan at pangangailangan.

## **Sanhi ng Karahasan sa Paaralan**

### 1. Marahas na Medya (*Violent Media*)

Ang panunuod sa mga bayolenteng programa at paglalaro ng marahas na genre ng videogames ay nag-uudyok sa mga manunuod at manlalaro na gayahin o tularan ang mga ito na maaring madadala ng kabataan sa loob ng paaralan.

### 2. *Dysfunctional Home* o hindi maayos na tahanan

Ang dysfunctional home ay bunga ng hindi pagdadala ng pamilya sa maayos o may hindi pagkakasundo sa loob ng tahanan. Ito ang mga pamilyang nakararanas ng kapabayaang panatilihin ang mabuting relasyon, pag-uugali at pagkatao ng mga anak. Mangyaring ang mga anak ay may kakulangan ng atensiyon sa magulang, mababang marka (*low school achievement*), walang maayos na disiplina (*inconsistent discipline*) na naging mga sanhi ng karahasan sa paaralan. Maliban doon ay ang epekto nito sa sikolohikal na aspeto na nagdudulot ng iba'tibang personalidad ng tao:

Ang pagkabahala, poot, kapusukan, *inferiority complex*, galit at iba pang negatibong emosyon. Halimbawa, may mga mag-aaral na hindi gusto ang binibiro kaya humahantong ito sa pakikipag-away.

Ang pagkamahiyain ang isa sa nakikitang rason kung bakit nangyayari ang pambubulas at iba pang uri ng karahasan dahil sa paniniwalang madali lamang maging biktima ang isang mag-aaral na walang kumpiyansa sa sarili.

### 3. Seksuwal na Oryentasyon ng Tao

Ang kahinaan ng tao ang isa sa nakikitang sanhi ng karahasan. Madalas ay ginagawang tukso o kapintasan ang bawat kahinaan ng kanyang pagkatao, maging babae o lalaki ito.

## **Epekto ng Karahasan sa Paaralan**

### **Pakikipag-away sa Kapwa Mag-aaral (*Peer Conflict*)**

Ang pakikipag-away sa kapwa mag-aaral ay epekto ng impluwensiyang nakukuha ng bata sa labas ng paaralan at pamayanan. Madaling nakahahapan ang isang mag-aaral ng gulo sa paaralan dahil sa marahas na medya, may problema sa pagkatao at walang maayos na relasyon sa tahanan.

### **School Dropout**

Isa sa mga epekto ng karahasan ang pagliban o pag-iwan sa paaralan. Nawawalan ng gana ang isang mag-aaral ng nakagagawa ng karahasan o di kaya ang naging biktima nito.

### **Depresyon o Matinding Kalungkutan**

Ang matinding depresyon ay isang seryosong isyu ngayon ng lipunan. Maraming kaso ang naibalita sa mga telebisyon gaya ng pagpapatiwakal, pananakit sa sarili at kapwa at ibang pang karahasan.


### **Chronic Stress and Trauma**

Matinding takot at pagkabalisa ang mararamdaman ng mag-aaral na biktima ng karahasan, na minsan ay humahantong sa paghinto ng kanyang pag-aaral, o di kaya'y paglipat ng paaralan.

### **Suicide**

Ito ang pinakamabigat na epekto ng karahasan sa paaralan na hindi dapat mangyari kaninuman. Ang pagpapakatiwakal ay pagwakas ng sariling buhay dulot ng iba'tibang karahasan o mabibigat na pagsubok na nararanasan sa buhay.

Sa ngayon, upang matugunan ang mga karahasang nangyayari sa paaralan ay minabuti ng ating pamahalaan ang paggawa at pagpapatibay ng mga batas laban dito. Tulad ng *Anti-Bullying Act of 2013* (RA No. 10627). Maging sa bawat paaralan ay kaniya-kaniyang adbokasiya upang maibsan ang anumang uri ng karahasan, may matibay na disiplina sa mga paglabag, pinaigting na seguridad at mga oryentasyon – seminar sa paghubog ng pagkatao. Sa loob ng tahanan ay minabuti rin ng mga magulang na magabayan ang mga kabataan at maturuan ng mabuting asal, bukas na komunikasyon, pagmamahal at higit sa lahat, ng pananampalataya sa Panginoon. Sa pamamagitan ng pagtutulungan ng pamahalaan, magulang, guro at mag-aaral ay mas lalong mapagtatibay at mapapaunlad ang samahan tungo sa matiwasay na buhay.



## Pagyamanin

### Gawain 3: Uri-Karahasan!

Panuto: Basahin ang mga pahayag. Pumili ng uri ng karahasan mula sa mga kahon na sa tingin mo ay ipinahahayag ng bawat pahayag. Isulat lamang ang titik ng piniling sagot sa patlang.

A Pasalitang pambubulas

B Pisikal na pambubulas

C Sosyal na pambubulas

D sexual harassment

E pagnanakaw

F bandalismo

Mga Pahayag:

\_\_\_\_\_ 1. Ang pangit mo!

\_\_\_\_\_ 2. Masakit na po, huwag mo na akong suntukin!

\_\_\_\_\_ 3. Yung bagong kaklase daw natin ay mabaho ang hininga!


\_\_\_\_\_ 4. Nakabili ako ng pintura, halika, sulatan natin ang pader sa bahay ng ating guro.

\_\_\_\_\_ 5. (Nasa kabilang linya ng telepono) *Hello!* Ano ang sinusuot mo ngayon, maiksi ba?



#### Gawain 4: Grapiko-Epekto!

Panuto: Kung napunan mo ang hinihingi sa *diagram* ay malalaman mo ang konsepto ng umiiral na karahasan sa paaralan. Bigyan ng maikling paliwanag ang nabuong diagram. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Paliwanag:

A large, empty rounded rectangular box provided for the student to write their explanation of the diagram.

### Gawain 5: Bawas-Epekto!

Panuto: Batay sa mga sanhing nakatala ay magbigay ng pangyayari ng karahasan at epekto nito. Ito man ay aktwal na nasaksihan, napanood o kaya ay nabalitaan. Pagkatapos ay magbigay ng mga hakbang na ginawa upang mabawasan ang anumang karahasan na umiiral sa paaralan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Marahas na Medya	Seksuwal na Oryentasyon ng Tao	Dysfunctional Home

Mga Hakbang upang Mabawasan ang mga Umiiral na Karahasan sa Paaralan

Mga Magulang
Paaralan
Pamahalaan

<b>Pamantayan</b>	<b>Napakahusay (10 puntos)</b>	<b>Mahusay (7 puntos)</b>	<b>Nangangailangan ng Pag-unlad (3 puntos)</b>
Organisasyon ng Ideya	Napakahusay ang pag-aankop ng sanhi at epekto pati ang bawat hakbang upang mabawasan ang mga umiiral na karahasan sa paaralan.	Hindi gaanong mahusay ang pagkasunod-sunod ng ideya.	Hindi maayos ang pagkasunod-sunod ng ideya.
Kabuuan <b>10 puntos</b>			




## **Isaisip**

### **Gawain 6: Buo-Konsepto!**

Panuto: Punan ng angkop na salita ang talata upang mabuo ang diwa nito. Piliin ang sagot sa kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

A. kinabukasan	F. misyon
B. bubulayin	G. bisyon
C. sanhi	H. kalakasan
D. kasalukuyan	I. pag-iisip
E. pagkatao	J. moral

Ang (1.) \_\_\_\_\_ at (2.) \_\_\_\_\_ ng edukasyon ay naglalayong mahubog ang (3.) \_\_\_\_\_ ng (4.) \_\_\_\_\_ ng isang mag-aaral, at may mataas na(5.) \_\_\_\_\_ sa kanyangpagkatao. Ang karahasan na nangyayari sa paaralan ay nakakaaepkto sa(6.) \_\_\_\_\_ at (7.) \_\_\_\_\_ ng mga mag-aaral. Hindi man ramdam sa(8.) \_\_\_\_\_ pang panahon ang magiging bunga nito, ngunit natitiyak na darating ang panahon ay(9.) \_\_\_\_\_ ng isang tao ang naging (10.) \_\_\_\_\_ ng kanyang kapalaran.



## Isagawa

### Gawain7: Buo-Konsepto!

Panuto: Basahin ang mga sitwasyon sa ibaba, kilalanin ang uri at ibigay ang sanhi at epekto. Ipaliwanag ang sagot. Isulat ang sagot sasagutang papel.

1. Tahimik na kumakain ng kanyang meryenda sa gilid ng paaralan si Jena ng bigla siyang binatukan ng kanyang kaklaseng si Arjo.

---

---

---

---

2. Madalas nakikita ni Randy nabinubugbog ng tatay niya ang nanay niya kaya mahilig din siyang mambugbog ng kaklase niya kapag hindi nasusunod ang mga utos niya.

---

---

---

---

3. Mahina ang loob ni Greg kaya hindi siya nakikipaghalubilo sa iba. Upang mapalakas ang loob, sumali siya sa isang samahan ng mga kabataan na hindi organisado ng paaralan.

---

---

---

---

### Rubrik sa Pagmamarka

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (7 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (3 puntos)
Malinaw na naipahayag ang mensahe at kaisipan	Napakalinaw ang pagkalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa karahasan sa paaralan.  Naipaliwanag nang may kawastuhan ang tatlong sitwasyon.	Malinaw ang pagkalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa karahasan sa paaralan.  Naipaliwanag nang may kawastuhan ang dalawang sitwasyon.	Hindi malinaw ang pagkalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa karahasan sa paaralan.  Naipaliwanag nang may kawastuhan ang isang sitwasyon lamang.
Organisasyon ng Ideya	Napakaayos ang pagkasunod-sunod ng ideya.	Maayos ang pagkasunod-sunod ng ideya.	Hindi maayos ang pagkasunod-sunod ng ideya.
Kabuuan 20 puntos			



## **Tayahin**

### Maraming Pagpipilian

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Si James ay panganay na anak sa limang magkakapatid. Tumutulong siya sa hanap-buhay ng kaniyang lola upang maitaguyod ang kaniyang mga kapatid. Iniwan na sila ng kanilang mga magulang na naghiwalay. May kani-kaniyang mga pamilya na ang mga ito. Nawalan ng pokus at gana sa pag-aaral si James. Bumaba ang kanyang mga marka kaya nakapagpasya siyang huminto na lang sa pag-aaral. Ano ang sanhi ng pagbaba ng marka at paghinto ni James sa pag-aaral?
  - A. fraternity
  - B. marahas na medya
  - C. dysfunctional home o hindi maayos na tahanan
  - D. seksuwal na oryentasyon ng tao
2. Ang mga ito ay naglalayong mahubog ang kalakasan ng pag-iisip ng isang mag-aaral at magkaroon ng mataas na moral ang pagkatao.
  - A. lipunan
  - B. bokasyon
  - C. guro lamang
  - D. misyon at bisyon ng edukasyon
3. Si Jose ay isang mahiyaing bata. Nais niyang marami siyang kaibigan ngunit hindi niya alam kung paano mag-umpisa. Sa tulong ni Franco, napabilang siya sa isang sikat na fraternity sa kanilang lungsod. Natupad niya ang matagal nang pangarap. Bakit ang mga kabataan katulad ni Jose ay sumasali sa fraternity o gang?
  - A. makakopya at makakuha ng malaking marka sa pagsusulit
  - B. may kasama sa pagtambay upang makamit ang ninanasa
  - C. mapabuti ang pag-aaral at mayroong gumabay sa pag-aaral
  - D. sumikat o maging kilala, magkaroon ng bagong kaibigan at kakampi

4. Ang mga magulang ang pangunahing mga guro ng bawat kabataan. Ang bahay ang pangunahing paaralan. Dito binibigyan ng kaukulang pansin ang pagtuturo ng kagandahang asal, mga gawaing bahay at iba pang kaalaman sa buhay. Bakit itinuturing ang paaralan na pangalawang tahanan ng bawat mag-aaral?
- Dito mas hinuhubog ang kagandahang asal at pinapalawak ang kaalaman at kakayahan ng bawat kabataan.
  - Buong araw na nasa paaralan ang mga bata kaya parang tumitira na sila dito.
  - Mas magiging ligtas ang mga kabataan sa paaralan dahil may mga guro na nagmamahal sa kanila.
  - May mga kagamitan sa paaralan na katulad sa kagamitan sa tahanan kaya pwede nang maging tirahan ang paaralan.
5. Pumara ng jeep si Amor. Nang makaupo na siya ay napansin niyang parang kinukunan ng litrato ang kaniyang hita ng lalaking nakaupo sa kaniyang harapan. Anong uri ng karahasan ang ipinakita sa sitwasyon?
- Pambubulas o bullying
  - marahas na media
  - sexual harassment o panliligalig sa sekswal
  - pagsali sa fraternity o gang
6. Matalino at laging nangunguna sa klase si Jessie subalit mahilig siyang manukso kay Belinda dahil sa kapansanan nito. Tinatago niya ang *lunchbox* ni Anthony at paminsan-minsan ay nanununtok siya ng kaklase. Anong uri ng umiiral nakarahasan sa paaralan ang ginagawa ni Jessie?
- gang
  - pagnanakaw
  - pambubulas o bullying
  - sexual harassment o panliligalig sa sekswal
7. Bakit hindi mabuti ang pambubulas o bullying?
- Hindi ligtas ang bawat miyembro ng pangalawang tahanan (paaralan).
  - Nais ng Diyos na mahal in natin ang ating mga kapwa tao.
  - Hindi magandang gawain ng isang edukadong tao ang manakit ng kapwa.
  - Lahat ng nabanggit
8. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapahayag ng sosyal na pambubulas?
- Sinampal ni Olivia si Jane dahil natapunan nito ng *juice* ang damit niya.
  - Tinago ni Marlon ang bag ni Carla sa likod ng silid-aralan.
  - Hindi pinapansin ni Freddie si Neil kahit binabati siya nito.
  - Pinagkakalat ni Maricel na si Ruby ay nagdadalantao kahit hindi totoo.
9. Alin dito ang nagpapakita ng mabuting pagsubaybay ng magulang sa anak?
- Sinasagutan ng Mrs. Robles ang mga takdang-aralin ni Sylvia.
  - Hinahayaan ni Mr. Suave si Barbie na pumunta sa bahay ni Kris.
  - Kahit curfew na ay pinapalabas pa rin sa bahay si Molly.
  - Dumadalo sa regular na *HPTA meeting* sa paaralan si Mrs. Claros.

10. Anong uri ng pambubulas kung ang iyong kaibigan ay tinatawag na bobo at walang magagawa sa buhay ng ibang tao?
- A. Relasyonal
  - B. Pisikal
  - C. Sosyal
  - D. Pasalita
11. Si Alma ay isang tahimik na bata. Isang araw may kumalat na usap-usapan na siya ay isang babaeng mababa ang lipad. Umiyak siya sapagkat alam niyang hindi ito totoo. Anong uri ng pambubulas ito?
- A. Sosyal na pambubulas
  - B. Pisikal na pambubulas
  - C. Pasalitang pambubulas
  - D. tahimik at pisikal na pambubulas
12. Anong hakbang ang ginawa ng pamahalaan upang malabanan ang pambubulas o bullying sa paaralan?
- A. Pagpapakulong sa mga mambubulas o *bullies*
  - B. Papapatupad ng *Anti-Bullying Act of 2013* (RA No. 10627)
  - C. Pagtatag ng *HPTA Officers* sa bawat klase
  - D. Pagpapadala ng mga pulis sa bawat paaralan
13. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pambubulas sa paaralan?
- A. Magaling na sumagot sa katanungan ng guro si Lucy.
  - B. Niyakap ni Vince si Mr. Larios dahil malaki ang naitulong nito sa kaniya.
  - C. Binigyan ni Cain si Maria ng pagkain dahil wala itong baon.
  - D. Masayang umawit si Marco ng isang awiting panukso kay Conrad.
14. Bakit kadalasang nawalan ng gana at humihinto sa pag-aaral ang mga biktima ng karahasan sa paaralan?
- A. Walang madadalang baon para sa pananghalian
  - B. Nahihirapan na sagutin ang katanungan ng guro
  - C. Dala ng takot at galit sa kapwa na nanakit sa kaniya
  - D. Nagbibigay ng kasiyahan sa biktima at sa nambubulas
15. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa mga dahilan kung bakit nakikipag-away ng isang bata sa kapwa maag-aaral?
- A. Chronic stress
  - B. may problema sa pagkatao
  - C. marahas na medya
  - D. walang maayos na relasyon sa tahanan



## ***Karagdagang Gawain***


### **Gawain 8: Buuin Mo Ito!**

Panuto: Isulat sa isang talata ang pagkakasunod-sunod at ilagay ito sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- A. Mula noon ay hindi na pumasok sa pag-aaral si Nina kailanman.
- B. Si Nina ay isang mag-aaral na nasa ikawalong baiting sa Mataas na Paaralan ng San Roque. Kasalukayan siyang namamalagi sa bahay ng kanyang tiyahin dahil ang kanyang mga magulang ay nagtatrabaho sa ibang bansa.
- C. Minsan ay naiingit sa mga kaklase dahil aktibo na dumadalo ang kanilang mga magulang sa mga okasyon ng paaralan.
- D. Nalungkot siya matapos pinahiya ng kanyang mga kaklase dahil palagi nalang siyang walang kasama sa mga programa nila.
- E. Isang araw nag-organisa ang paaralan ng *family day*. Nilapitan siya ng kanyang kaklase at sinabihan si Nina, “wala na naman ang mga magulang mo, umuwi ka nalang!”



Panuto: Basahing muli ang nabuong talata sa Gawain 8. Tukuyin ang sanhi at bunga ng mga pangyayari. Kopyahin ang *diagram* sa ibaba sa iyong sagutang papel at isulat ang sanhi sa dalawang kahon sa kaliwa at ang bunga nito sa kahon sa kanan.



**Rubrik sa Pagmamarka**

<b>Pamantayan</b>	<b>Napakahusay (10 puntos)</b>	<b>Mahusay (7 puntos)</b>	<b>Nangangailangan ng Pag-unlad (3 puntos)</b>
Organisasyon ng Ideya	Napakaayos ang pagkasunod-sunod ng ideya.	Hindi gaanong mahusay ang pagkasunod-sunod ng ideya.	Hindi maayos ang pagkasunod-sunod ng ideya.
Kabuuan <b>10 puntos</b>			



# Susi sa Pagwawasto

- Subukin**
1. C
  2. C
  3. D
  4. D
  5. D
  6. A
  7. B
  8. D
  9. C
  10. A
  11. C
  12. D
  13. D
  14. A
  15. C

- Tayahin**
1. C
  2. D
  3. D
  4. A
  5. C
  6. C
  7. D
  8. D
  9. D
  10. D
  11. A
  12. B
  13. D
  14. C
  15. A

- Balikan**
- Gawain 1**
1. Puppy love
  2. Seksuwalidad
  3. Fraternity
  4. Pambubulas
  5. Karahasan

**Karagdagang Gawain**

**Gawain 8**

B. Si Nina ay isang mag-aaral na nasa ikawalong baitang sa Mataas na Paaralan ng San Roque. Kasalukayan siyang namamalagi sa bahay ng kanyang tiyahin dahil ang kanyang mga magulang ay nagtatrabaho sa ibang bansa. E. Isang araw nag-organisa ang paaralan ng *family day*. Nilapitan siya ng kanyang kaklase at sinabihan siya na, “wala na naman ang mga magulang mo, umuwi ka nalang!”

D. Nalungkot siya matapos pinahiya ng kanyang mga kaklase dahil palagi na lang siyang walang kasama sa programanila.

C. Minsan ay nainigrit sa mga kaklase dahil aktibo na dumadalo ang kanilang mga magulang sa mga okasyon ng paaralan.

A. Mula noon ay hindi na pumasok sa pag-aaral si Nina kailanman.

**Isaisip**

Gawain 6

1. F. misyon
2. G. bisyon
3. H. kalakasan
4. I. pag-iisip
5. J. moral
6. A. pagkatao
7. B. kinabukasan
8. C. kasalukuyan
9. D. bubulayin
10. E. sanhi

**Gawain 7**

Maaaring magkakatiba ang sagot. May Rubrik sa Pagmamarka upang batayan sa pagwawasto.

Maaaring magkakatiba ang sagot. May Rubrik sa Pagmamarka upang batayan sa pagwawasto.

**Gawain 9**

Maaaring magkakatiba ang sagot. May Rubrik sa Pagmamarka upang batayan sa pagwawasto.

**Pagymamanin**

**Gawain 3**

1. A
2. B
3. C
4. F
5. D

**Gawain 4**

Uri ng Karahasan

Pambubulas

Gang

Sexual Harrasment

Bandalismo

Pagnanakaw

Sanhi ng Karahasan

Marhas na medya

Problema sa pagkatao

Dysfunctional Family

Impulsiveness

Child abuse

Epekto ng Karahasan

Depresyon

School dropout

Per conflict

Suicide

**Gawain 5**

Maaaring magkakatiba ang sagot. May Rubrik sa Pagmamarka upang batayan sa pagwawasto.

# ***Sanggunian***

## **AKLAT:**

Bognot R., Romualdez, C., Gayola, S., Lagarde, M.A., Leaño, M., Martin, E., Ong, M.A., Paras, R. (2013). *Edukasyon sa Pagpapakatao Ikawalong Baitang Modyul Para sa Mag-aaral. Modyul 14: Karahasan sa Paaralan*, 367-400.

## **ELEKTRONIKONG HANGUAN:**

Enyinnaya, E. (2015). Voice of youth. *Violence in Schools: Causes and Solutions*.  
[www.voiceofyouth.org/blog/violence-schools-causes-and-solutions](http://www.voiceofyouth.org/blog/violence-schools-causes-and-solutions).

National Center for Injury Prevention and Control, Division of Violence Prevention.  
*Violence Prevention*.  
[www.cdc.gov/violenceprevention/youthviolence/schoolviolence/fastfact.html](http://www.cdc.gov/violenceprevention/youthviolence/schoolviolence/fastfact.html)

**Para samgakanungan o puna, sumulat o tumawagsa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)